— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Diyos ng awa, dinggin mo ang mga panalangin na aming iniaalay para sa iyong bayan,
maging hangarin nawa nilang mabusog sa iyong salita kaysa mga pagkain ng katawan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Pagkalooban mo kami ng matapat at maalab na pag-ibig sa aming sariling bayan at sa buong sangkatauhan,
kumilos nawa kami upang makapagtayo ng isang daigdig na puno ng kapayapaan at kabutihan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Tunghayan nang may pagmamahal ang lahat ng muling isinilang sa binyag,
upang sila'y maging mga buhay na bato sa iyong tahanan ng Espiritung liyag.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Inakit mo ang Ninive sa pagsisisi sa pamamagitan ng pangangaral ni Jonas,
sa iyong habag, hipuin mo ang mga puso ng mga makasalanan sa pamamagitan ng pangangaral ng iyong salita ng kaligtasan.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

Bigyang pag-asa nawa ang mga nasa bingit ng kamatayan sa pagharap kay Kristong kanilang hukom,
sila nawa'y maging maligaya sa piling ng iyong kaluwalhatian habang panahon.

— Panginoon, maging mapagpala sa iyong sambayanan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.

